



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

PATIENCE AND THANKS

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Dagbestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang mundong ito ay puno ng paghihirap. Ang mga naniniwala sa Allah at may pananampalataya na lahat ng bagay ay mula sa kanya, ay may tunay na pananalig sa Allah. Bibigyan sila ng Allah ng biyaya. Ang anuman bagay na nangyari ay di mo na mapapalitan. Kailangan mong manalig at magtiis kung ano man ang nangyari

Sabi ng Propeta Muhammad Alayhis salatu was salam, "May biyaya sa pinakamaliit na bagay na paghihirap katulad ng pagkagat ng lamok." Ito ay malasakit ng Allah at kanyang biyaya sa Islam. Walang bagay ang walang kahulugan. Kaya dapat tayong manalig, maghintay at puriin ang Allah(awj). Kung may kalamidad o paghihirap na dumaan tayo ay magsabi na laman ng Alhamdulillah. Kung tayo ay bibigyan ng biyaya tayo ay dapat maging mapagpasalamat sa Allah dahil ang mga biyaya ay dumadami sa pagpapasalamat.

Papuri at pasalamat sa Allah na tayo ay namumuhay sa lugar ng Islam. Salamat sa kanyang biyayang Islam. Salamat sa Lahat. Sa panahon ngayon maraming tao na ang nagkakasakit, kailangan pa rin natin magpasalamat na palapitin tayo ng Allah sa kanya at patawarin ang ating kasalanan. Maliliit na bagay lamang ito. Ang pagkakaroon ng sakit ay isang daan ng paglilinis. Papuri at kaluwalhatian sa Allah dahil dito.

Subalit, katulad ng atin sinabi ang pinakamahalagang bagay ay pagpapasalamat na tayo ay ginawang Muslim. Magiging walang saysay pag ginawa niya tayong di mananampalataya. Ang mga di nananampalataya ang karapatdapat na karatingan ng kalamidad. Walang saysay ang di nila pananalig dahil di nila kinikilala ang Allah(awj). Di rin sila kinikilala ng Allah at binibigyan sila ng Kalamidad. Ilayo tayo nawa ng Allah sa kanila In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

1. Hamd 2. Nimat 3. Infidel

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
13 February 2016/4 Jumada al-Awwal 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah